



MAGKA-ISA Fukushima



~ Voices from Fukushima ~

4 na taon at 4 na buwan na ang nakalilipas ng maganap ang malakas na lindol sa silangang bahagi ng Hapon at ang aksidenteng pag sabog ng Fukushima Daiichi Istasyon ng Planta ng Enerhiyang Nukleyar. Sa Prepektura ng Fukushima ay dumarami ang mga masiglang bagong paksang pinag-uusapan, tulad ng pag bubukas ng Kataas-taasang paaralan Futaba Mirai sa Hirono town at ang Pacific Islanders Leaders Meeting na ginanap sa Iwaki. Marami paring mga suliraning naiisantabi ang aksidenteng naganap sa nukleyar, ngunit kahit na maraming naring mga naninirahan dito sa prepektura ang bumabalik araw-araw, nitong buwan ng Hunyo mga 110,000 katao ng hindi nakabalik sa kanilang tahanan.

Sa Pandaigdigang Asosasyon Fukushima (FIA), ay gumawa ng libreng pahayagan tulad ng Gyro, edisyon para sa sakuna at ang Haway Kamay matapos maganap ang malakas na lindol. Para ipaabot at ipalam sa mga mamamayan ang kasalukuyang kalagayan ng Fukushima, ang mga aktibidadis na isinasagawa ng asosasyon at ang tinig ng mga dayuhang naninirahan dito.

※Puwede po ninyong idown load sa wikang Hapon, Intsik, Tagalog, Portuguese, at Koreano sa homepage ng FIA.



Senaryo sa Fukushima

Pagtatanghal para sa Destinasyong Kampanya sa Fukushima

Simula Abril hanggang Hunyo ng taong 2015, na may suma total na tatlong buwan, ang grupo ng Riles ng Hapon, local na pamahalaan, ang mga negosyante sa mga pananawin, at marami pang iba ang nagsama-sama para sumali sa Destinasyong Kampanya ng Fukushima. "Fukushima lubos na pamumulaklak, ang mapalad na pulo" na siya nilang buwang bibig ang ginamit na sagisag. Ang okasyon ay ginanap sa buong prepektura para ipakita ang kagandahan ng kapaligiran, pagkain, kasaysayan at kultura ng Fukushima. Dahil sa kahabaan ng kampanya ang mga turista ay nakaranas ng tradisyunal nakasyon



Iluminasyon sa Shiramizu Amidado



Ang iluminasyong Milky Way sa dalisdis ng ski

ng taglagas na isinagawa lamang para sa destinasyong kampanya sa Fukushima. Isa sa mga okasyon ay ang ginanap sa Iwaki Shiramizu Amidado na inumpisahan noong 25 ng Abril hanggang 24 ng Mayo kung saan isinagawa ang nakapanggigilalas na ilawan, na bihirang matanglawan sa panahon ng tagsibol. Ang lugar para sa ski na matatagpuan sa Adatara ng Nihonmatsu ay nagtanghal din ng ilawang okasyon buhat 16 ng Mayo hanggang a 7 ng Hunyo. Tumatakpong magkahilera sa dalisdis ng ski, isinagawa ang pagtatanghal ng ilaw na tinawag na "Milky Way", na nagtamo ng maraming pagnanasa buhat sa mga retratesta at mga turista na nagnanais na alalahanin ang marikit na pagtatanghal.

Ang pag bubukas ng tindahang duty-free na ang punterya ay ang mga dayuhang turista

Sa lunsod ng Aizu-Wakamatsu kung saan mayroong pasilidad para sa mga tursiata tulad ng Aizu's Tsurugajo- kastilyong tindahan, bulwagang tipunan, at ang sambahayan ng Aizu's Samurai, ay isinagawa na ang pagiging libre sa buwis ng mga dayuhang turista. Ang mga pasalubong tulad ng mga sumusunod lokal na sake, mga kagamitang gawa sa kahoy at mga detiklop na pamaypay kasama na ang mgapansariling gamit na magiging libre depende sa suma total na halaga ng mga pinamili na so sobra sa nakatakandang halaga para malibre. At ang halaga ay depende kung ang mga pinamili ay pampasalubong o sariling gamit. Ang pagsisimula ng ganitong ebento ay pinaniniwalang manunumbalik ang pagdami ng mga turistang nangaunti ng maganap ang malakas na lindol at ang aksidente sa planta ng nukleyar.



Ang tindahan sa bulwagang tipunan ng Tsurugajo



Ang batang lalaki na sumubok sa pagbasa ng larawang libro

Kampo para sa mga kabatang may mga pandaigdigang kanagisnan

Noong Hunyo 27 ng Sabado, ang [Kampo ng mga kabataan na may iba't-ibang wika Fukushima 2015] na kinatawanan ng Hourai Japanese Class, na ginanap sa Bandai Youth Center. Ang madamagang salu-salo para sa pandaigdigang palitan ng kuor-kuro sa kulyura, na may layunin na ang mga kabataang may pandaigdigang kinaanaan pati ang kanilang mga magulang na makapag saya ng lubos sa pamamagitan ng pag aaral, laro, sports at marami pang ibang libangan. Ang mga magulang ng kabataang partisipante ay nagkaroon ng kaalaman tungkol sa pamumuhay ng mga mag-aaral, ang mga pang kinabukasang kapakanan, tulad ng pag tratrabaho at pag sulong sa mataas pang edukasyon sa mga palitang impormasyon ng mga kabataan. Sa tulong ng mga magulang at ng boluntaryang taga salin ng wikang Hapon, nagbasa sila ng mga maylarawang libro sa iba't- ibang wika at nainganyo rin ang mga kabataan na magbasa ng libro sa ibang wika.



Tinig ng mga naninirahan sa Fukushima

Reika Goto (nakatira sa lunsod ng Fukushima, galing Intsik)

Noong Mayo, tinuruan ko ang mga dayuhan at ang mga Hapones kung papaano mamuhay ng magkatuwang dito sa bansang Hapon. Sinabi ko sa tagapag lingkod ko na kung ako man ay manirahan sa bansang Hapon, ako ay nararapat na mag-aral ng kanilang wika para makisalamuha at makibagay sa aking pamilya at mga kaibigan at higit sa lahat ay para magabayan ko ang pag palaki at ang edukasyon ng aking mga anak. Dahil para sa akin kung hindi ako makikisalamuha at makikipag-usap, ang pang araw-araw kong pamumuhay ay magiging madilim at malungkot.



Ako ay hindi masyadong magaling sa pag- iipon ng mga impormasyon kaya ng maganap ang malakas na lindol ako ay nahirapang umintindi ng tamang impormasyon. Ngayon dahil sa gumagamit ako ng iba't-ibang SNS tulad ng Line at Wechat madali na akong maka tanggap ng balita buhat sa aking nga Intsik na kaibigan, kaya kahit kaunti ay nabawasan ang alalahanin ko sa pang araw-araw kung pamumuhay.

Faisal Budi Armansyah (nakatira sa lungsod ng Fukushima, galing Indonesia)



Noong Nobyembre taong 2012, dumating ako dito sa Fukushima bilang isang mag sasanay sa kakayahan ng tekniko. Ngayong taon ng taglagas ako ay mag tatatlong taon na ditong naninirahan sa fukushima, at nagtratrabaho bilang mekaniko at pinag-aaralan kong papaano mag welding. Noong taon ng 2004 naranasan ko ang lindol na naganap sa Sumatra-Andaman. Ng oras na iyon ako, ang aking pamilya, at ang aking paaralang pinapasukan ay hindi naman nasalanta ngunit ang takot at pangamba kong kalian darating ang sakuna ay hindi maalis sa aking isipan kaya natutunan ko kung ano ano ang dapat gawin at kung papaano ang dapat gawain kung sakali mang dumating ang hindi inaasahang kalamidad.

Maricel Sasaki (galing Pilipinas, nakatira sa lunsod ng Fukushima)

Ako po ay may anak na babae sa high school, anak na lalaki sa jr. high school, at anak na lalaki sa elementarya. Ang bawat isa ay magkaka-iba ng iskedyul pati na rin ako dahil nagtratrabaho kaya abala kaming nakikibaka sa pang araw-araw namimg pamumuhay. Dumating kami dito sa Hapon ng matapos ang sakunang naganap kaya wala kaming kaalaman tungkol sa malakas na lindol at sa aksidenteng nangyari sa planta ng nukleyar. Ngunit kahit na ganoon ay palagi kung isinasauna ang pag iingat para sa kalusugan ng aking mga anak. At tuwing wala kong trabaho ginagawa kong sumali sa mga aktibidadis para sa mga dayuhang naninirahan dito sa Hapon. Sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanila ay marami akong natututunan tungkol sa mga bagay bagay kung papaano ang mamuhay ng maayos dito sa Hapon.





Ang Sukat ng radiation level sa Lungsod ng Fukushima (pansamantalang halaga)

Pinanggagalingan: Homepage ng Prepektura ng Fukushima <http://www.pref.fukushima.lg.jp/>

Sa homepage ng Prefektura ng Fukushima, ang mga Sukat ng Halaga ng Radyoaktibidad sa Kapaligiran sa lahat ng lugar sa loob ng Prefektura ng Fukushima ay nakatala (probinsiyang distrito).

Makakakuha po kayo ng makabagong kaalaman (update) sa homepage ng Pandaigdigang Asosasyon sa Fukushima (FIA) sa wikang Ingles, Intsik, Tagalog, Portuguese, Koreano.

Unit :mikro sievert /oras

Date Oras ng pagsukat	Fukushima City	Koriyama City	Shirakawa City	Aizu Wakamatsu City	Minami Aizu Town	Minami Soma City	Iwaki City
normal na halaga	0.04	0.04-0.06	0.04-0.05	0.04-0.05	0.02-0.04	0.05	0.05-0.06
2015.6.30 9:00	0.21	0.12	0.09	0.06	0.04	0.10	0.06
Measurement device	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP	MMP
Direksiyon at Distansiya from 1st power plant	Hilaga Kanluran About 63km	Kanluran About 58km	Timog Kanluran About 81km	Kanluran About 98km	Kanluran Timog Kanluran About 115km	Hilaga About 24km	Timog Timog Kanluran About 43km

※Ang sukat ng halaga ng radyasyon sa Lungsod ng Fukushima ay nakuha sa paradhan ng sasakyan sa hilagang bahagi ng Kenpoku District Health and welfare Office. Ang lungsod ng Koriyama ay kinuhanan sa parahadahan ng sasakyan sa timog ng Koriyama Government Office complex.

※Ang karaniwang halaga ng nabanggit na sukat ay galing sa resulta ng pagsisiyasat ng antas ng radyoaktibo noong taon ng 2009 (21 taon sa Heisei) sa loob ng Prefektura ng Fukushima.

※Ang MMP ay metatag na uri, ang MP naman ay panukat na apparatus.



Impormasyon buhat sa FIA

● Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

● Ang linguaheng English, Intsik, Hapones ay mula Martes hangang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon

● Sa linguaheng Koreano, Tagalog at Portuges naman ay tuwing Huwebes sa oras na alas dies hanggang alas dos ng hapon.

※Tuwing ika-apat at ika-limang Huwebes ng buwan ay kinakailangang kumuha ng appointment.

Telepono: 024-524-1316 (pribado) E-mail : ask@worldvillage.org (pribado)

Publisher Fukushima International Association

Address : Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture 960-8103

TEL : 024-524-1315 FAX : 024-521-8308

E-mail : info@worldvillage.org URL : <http://www.worldvillage.org>